Sistema ng Alokasyon sa mga Lugar ng Paaralang Pang-sekondarya 2023/2025
Mga Paalala para sa mga Magulang sa Aplikasyon para sa mga Lugar ng Pagpapasya sa Sekondaryang Isa

Ang mga magulang ng mga mag-aaral ng Primarya 6 na nais mag-aplay para sa Sekondaryang 1 (S1) na lugar ng pagpapasya (DP) sa pamamagitan ng Sistema ng Alokasyon sa mga Lugar ng Paaralang Pang-sekondarya (SSPA) 2023/2025 ay pinapayuhang basahing mabuti ang dokumentong ito (Mga Paalala para sa mga Magulang) at sumangguni sa Form ng Aplikasyon para sa Lugar ng Pagpapasya sa Sekondaryang Isa (Form ng Aplikasyon) at sa mga Punto nito na Tatandaan.

2. Ang Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ay nagpapatupad ng digitalisasyon ng admisyon ng S1. Ang EDB ay naghihikayat sa mga magulang na magparehistro nang maaga sa "iAM Smart+" hangga't maaari para sa mas maginhawa at mas mabilis na serbisyo sa buong proseso sa S1 na aplikasyon. Ang mga magulang ay maaaring bisitahin ang "iAM Smart" na tematikong na website para sa mga detalye tungkol sa pagpaparehistro sa "iAM Smart+" o i-scan ang QR na code sa ibaba upang i-download ang "iAM Smart+" na mobile app.

"iAM Smart" na Tematikong Website
(https://www.iamsmart.gov.hk/en/)
(Piliin: Home > "iAM Smart" Registration > Registration Methods)

3. Para sa mga magulang na nakarehistro bilang mga tagagamit ng SSPA e-Platform at ni-link ang kanilang account sa "iAM Smart+", maliban sa papel na Form ng Aplikasyon, maaari nilang isumite ang DP na aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform. Ang mga magulang ay maaaring i-scan ang QR code sa ibaba at magrehistro para sa isang SSPA e-Platform na account kasama ang Reperensiyang Numero ng Mag-aaral ng kanilang anak gayundin ang Code sa Pagsasaaktibo na ipinamahagi ng primaryang mga paaralan. Para sa paglikha ng account sa SSPA e-Platform at pamamaraan sa login, mangyaring sumangguni sa kaugnay na video at Gabay ng Magulad na naka-upload sa Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System > Digitalisation of S1 Admission > SSPA e-Platform Parent's Guide).

SSPA e-Platform
(https://esspa.edb.gov.hk)

Mga Kinakailangan

4. Hindi alintana kung ang mga aplikasyon ay isinumite o sa pamamagitan ng SSPA e-Platform o papel na Form ng Aplikasyon, ang bawat mag-aaral ay maaaring mag-aplay sa **hindi hihigit sa dalawang** nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya na nakalista sa Handbook para sa Aplikasyon sa mga Lugar ng Pagpapasya sa Sekondaryang Isa (Handbook). Kung hindi, **ang mga aplikasyon sa DP ay gagawing walang-bisa**. Mangyaring tandaan na kung ang mga magulang ay nagsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, hindi na sila dapat magsumite ng isang kopya ng aplikasyon sa isang paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng papel na Form ng Aplikasyon, at kabaligtaran. Kung ang mga magulang ay nagsumite ng kopya ng mga aplikasyon (ibig sabihin, nagsusumite ng mga aplikasyon na nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon sa parehong paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng SSPA e-Platform at papel na Form ng Aplikasyon), ang mga aplikasyong ito ay ituturing bilang isang aplikasyon lamang. Kaya naman, ang pagsusumite ng kopya ng mga aplikasyon ay hindi patataasin ang pagkakataon ng isang mag-aaral na mailaan sa paaralan. Bukod dito, ang mga magulang ay hindi dapat magsumite ng mga aplikasyon na nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon sa dalawang magkaibang mga paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng SSPA e-Platform at nasa form na papel. Kung hindi, **ang mga aplikasyon sa DP ng kanilang anak ay gagawing walang-bisa**.

5. Ang Handbook ay inilathala ng EDB at ipagkakaloob sa primaryang mga paaralan bilang reperensiya ng mga magulang sa araw kung kailan ipinamamahagi ang mga Form ng Aplikasyon at Mga Paalala para sa Mga Magulang. Ang mga magulang ay maaari ding bisitahin ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang mga listahan o tawagan ang 24 - oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (English) > 5 (Fax Services) > 04 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) upang makuha ang mga listahan sa pamamagitan ng fax.

6. Bukod sa pagsasagawa ng DPna mga aplikasyon sa hindi hihigit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, ang mga mag-aaral ay maaari ding mag-aplay sa Jockey Club Ti-I College[1] at Direktang Pagkakaloob ng Tulong (DSS) na mga paaralang pang-sekondarya na hindi nakikilahok sa Sistema ng SSPA (NDSS secondary schools)[2] para sa isang S1 na lugar.

Panahon ng Aplikasyon

7. Ang panahon ng aplikasyon para sa DP ay pareho para sa lahat ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, na nagsisimula **sa 2 Enero (Huwebes) hanggang 16 Enero 2025 (Huwebes), kasama ang parehong mga petsang nabanggit**. Para sa oras ng operasyon ng indibiduwal na mga paaralan, ang mga katanungan ay dapat idirekta sa mga paaralan.

---

[1] Ang panahon ng aplikasyon para sa S1 na admisyon sa Jockey Club Ti-I College ay mula 2 Enero (Huwebes) hanggang 20 Enero 2024 (Lunes). Kung ang mga mag-aaral ay matagumpay sa kanilang aplikasyon sa Jockey Club Ti-I College, hindi sila paglalaanan ng isang DP o isang lugar sa Sentral na Alokasyon (CA) sa ilalim ng Sistema ng SSPA. Kung hindi sila matagumpay sa kanilang aplikasyon, maaari pa rin silang dumaan sa Sistema ng SSPA para sa alokasyon ng isang S1 na lugar.

[2] Ang NDSS secondary schools ay may sarilimgpanahon ng aplikasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa may kinalaman na mga paaralan nang direkta para sa mga detalye. Dahil walang limitasyon sa bilang NDSS secondary schools na maaaring aplayan ng isang mag-aaral, maaari siyang matanggap ng ilang NDSS secondary schools. Gayunman, kapag ang isang magulang ay isinuko ang nilagdaang Pangako ng Magulang at ang orihinal ng Primary 6 Student Record Form sa isa sa mga paaralan na nag-aalok sa bata, ito ay magsisilbing kumpirmasyon ng pagtanggap ng S1 na lugar na inaalok ng may kinalamang NDSS secondary school at ang isang kasunduan na isuko ang anumang iba pang binigyan ng subsidiya na S1 na mga lugar (kabilang ang S1 na mga lugar ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at Jockey Club Ti-I College) na ilalaan sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA. Ang paaralan ay aabisuhan ang EDB sa desisyon ng magulang sa huling bahagi ng Abril 2025. Sa pagtanggap ng Matagumpay na mga Listahan ng Nakikilahok na mga Mag-aaral mula sa mga NDSS secondary schools, ang EDB ay hindi ilalaan ang mga mag-aaral sa listahan sa iba pang mga paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA. Patungkol sa Listahan ng DSS na Mga Paaralang Pang-sekondarya na Hindi Nakikilahok sa SSPA 2023/2025, ang mga magulang ay maaaring lumapit sa primaryang mga paaralan ng kanilang mga anak. Ang mga magulang ay maaari ding bisitahin ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang Listahan o tawagan ang 24-oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (English) > 5 (Fax Services) > 04 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) upang makuha ang Listahan sa pamamagitan ng fax.

Mga Pamamaraan ng Aplikasyon

8. Ang mga magulang ay maaaring pumili kung mag-aaplay para sa isang DP. Para sa mga magulang na nakarehistro bilang mga tagagamit ng SSPA e-Platform at ni-link ang kanilang account sa "iAM Smart+", bukod sa papel na Form ng Aplikasyon, maaari nilang isumite ang DP na mga aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform.

(a) Pagsusumite ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform

9. Kung ang mga magulang ay nagdesisyon na gumawa ng DP na mga aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, dapat nilang sundin ang sumusunod na mga pamamaraan sa ibaba:

(i) Mag-login sa SSPA e-Platform[3]. Para sa paglikha ng account sa SSPA e-Platform at mga pamamaraan ng pag-login, mangyaring i-scan ang QR na code sa kanan o bisitahin ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System > Digitalisation of S1 Admission > SSPA e-Platform Parent's Guide) at sumangguni sa kaugnay na mga video at Patnubay ng Magulang.

(ii) Piliin ang "Apply Now" upang makapasok ang pahina para sa DP.

(iii) Piliin ang pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan (samakatuwid Pagkakasunod-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 o Pagkakasunod-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2) para sa mga paaralang pang-sekondarya na nilalayon mong pag-aplayan.

(iv) Piliin/ilagay ang "Name of Secondary School Applied to".

(v) Punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na kinakailangan ng paaralan, kabilang ang katugmang adres, numero ng telepono, at email adres.

(vi) Mag-upload ng kopya ng (mga) dokumento [4] ng pagkakakilanlan ng mag-aaral (halimbawa, Kard ng Pagkakakilanlan ng Hong Kong, Sertipiko ng Kapanganakan ng Hong Kong o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan) (sapilitan) para sa pagsusuri ng paaralang pang-sekondarya.

(vii) Mag-upload ng mga dokumento na kinakailangan ng paaralang pang-sekondarya sa tumutugmang mga folder batay sa kategorya ng dokumento (halimbawa, Nakumpletong batay sa Paaralan na Form ng Aplikasyon, Mga Kopya ng Report Card at Mga Rekord ng Mga Sertipiko at Mga Gantimpala).

(viii) Suriin kung tama ang "Name of Secondary School Applied to", pagkakasunod sunod ng kagustuhan sa paaralan at (mga) na upload na dokumento.

(ix) Ipakita ang pag-unawa sa "Points to Note on Application for Secondary One Discretionary Places" pati na rin ang kaugnay na "Personal Information Collection Statement" ng EDB at ng paaralang pang-sekondarya na pinag-aaplayan.

(x) Kumpirmahin ang paglagda nang digital sa "iAM Smart+".

(xi) Matapos lumagda nang digital sa "iAM Smart+", i-click ang "Confirm and Submit" at pagkatapos "Yes" upang kumpletuhin ang mga pamamaraan ng aplikasyon.

(xii) Suriin kung ang katayuan ng aplikasyon para sa aplikasyon ng napiling pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan ay nabago sa "Submitted" at ang email ng pagkilala na inilabas ng SSPA e-Platform ay natanggap.

(xiii) Ulitin ang mga hakbang (iii) hanggang (xii) sa itaas upang magsumite ng aplikasyon para sa iba pang pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan.

---

[3] Sa kaso ng mga pagkakaiba sa pagitan ng impormasyon na ipinakita sa SSPA e-Platform at sa dokumento ng pagkakakilanlan ng iyong anak, mangyaring ipaalam kaagad sa dinadaluhang primaryang paaralan para sa pagwawasto.

[4] Ang pinakamalaking sukat ng file na maa-upload para sa aplikasyon para sa Pagkakasunod-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 at Pagkakasunod-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2 ay 12.5MB bawat isa. Sinusuportahan ng sistema ang PDF na format at karaniwang mga format ng file ng larawan (GIF, BMP, PNG at JPEG).

10. Upang mabisang asikasuhin ang malaking bilang ng mga aplikasyon, ang **bawat sesyon ng pag-login sa SSPA e-Platform ay limitado sa 30 minuto**. Mangyaring kumpletuhin ang pamamaraan sa aplikasyon sa loob ng 30 minuto. Kung kinakailangan, ang mga magulang ay maaaring gamitin ang "Save as Draft" na function at magpatuloy sa pagsusumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng draft sa isang bagong pag-login na sesyon.

Dapat tandaan ng mga magulang na hindi alintana kung ang mga aplikasyon ay isinumite sa pamamagitan ng SSPA e-Platform o papel na Form ng Aplikasyon, ang mga aplikasyon, sa oras na isinumite, ay hindi mababawi o makakansela, at walang pagbabago ang magagawa sa pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan.

(b) Pagsusumite ng mga aplikasyon sa papel na Form ng Aplikasyon

11. Ang Form ng Aplikasyon ay espesyal na idinisenyo para sa paggamit ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng DP na aplikasyon sa pampamahalaan, tinulungan at caput na mga paaralang pang-sekondarya gayundin ang DSS na nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa Sistema ng SSPA (ibig sabihin, mga paaralan na nakalista sa Handbook). Ang bawat nakikilahok na Primarya 6 na mag-aaral ay tumatanggap ng dalawang mga Form ng Aplikasyon sa pamamagitan ng primaryang paaralan na pinapasukan.

12. Ang bawat Form ng Aplikasyon ay binubuo apat na mga bahagi: Kopya ng EDB (asul), Kopya ng Paaralan berde), Kopya ng Magulang (pula) at Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan (Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 ay tinutukoy ang unang pagpili ng mag-aaral at ang Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2 ay tinutukoy ang ikalawang pagpili ng mag-aaral) (pula). Ang mga detalye ng mag-aaral ay paunang nalimbag sa bawat bahagi ng Form ng Aplikasyon. Gawing isang halimbawa ang Kopya ng Magulang, kabilang sa paunang nalimbag na impormasyon ang:

- Siklo ng Alokasyon
- Reperensiyang Numero ng Mag-aaral
- Numero ng Aplikasyon
- Pangalan ng Mag-aaral
- Kasarian
- Petsa ng Kapanganakan
- Primaryang Paaralan na Pinapasukan

13. Matapos makolekta ang Form ng Aplikasyon at ang Primary 6 Student Record Form [5], pinakikiusapan ang mga magulang na suriin kaagad kung ang sumusunod na paunang nalimbag na impormasyon ay kapareho ng personal na detalye sa dokumento ng pagkakakilanlan ng kanilang anak:

- Pangalan ng Mag-aaral
- Kasarian
- Petsa ng Kapanganakan

Sa kaso ng mga pagkakaiba, ang mga magulang ay dapat ipagbigay-alam sa primaryang paaralan ng kanilang anak para sa pagbabago. Ang primaryang paaralan ay gagawa ng mga pagbabago sa at ieendorso ang mga ito gamit ang pantatak ng paaralan. Ang mga magulang ay hindi dapat baguhin ang anumang paunang nalimbag na impormasyon sa Form ng Aplikasyon sa kanilang sarili. Ang mga paaralang pang-sekondarya na kanilang inaaplayan ay hindi babaguhin ang paunang nalimbag na impormasyon para sa kanila sa oras ng pagtanggap ng Form ng Aplikasyon.

[5] Ang Primary 6 Student Record Form ay ginagamit bilang isang dokumento ng pagkakakilanlan sa mga aplikasyon para sa S1 na admisyon sa Jockey Club Ti-I College at NDSS secondary schools.

14. Kung ang mga magulang ay magpapasya na gumawa ng DP na aplikasyon sa papel na Form ng Aplikasyon, dapat nilang sundin ang mga pamamaraan sa ibaba:

(i) Punan ang pangalan ng paaralang pang-sekondarya na ilalagay sa mga espasyo na ibinigay sa lahat ng apat na mga bahagi ng Form ng Aplikasyon batay sa kagustuhan.

(ii) Paghiwalayin ang bahagi na naglalaman ng Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan para sa pagpapanatili at rekord (Ang mga mag-aaral ay hindi kinakailangang isiwalat ang kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa mga paaralang pinag-aaplayan nila). Ang iba pang tatlong mga bahagi ay dapat mapanatiling buo.

(iii) Isumite ang Kopya ng EDB, Kopya ng Paaralan at Kopya ng Magulang na nagtataglay ng parehong Numero ng Aplikasyon (na lahat ng tatlong mga bahagi ay buo) nang direkta sa personal sa paaralang pang-sekondarya, kasama ang mga kaugnay na mga dokumento na kinakailangan ng paaralang pang-sekondarya (halimbawa, ang maayos na nakumpletong batay sa paaralan na form ng aplikasyon).

(iv) Ipakita ang orihinal ng dokumento ng pagkakakilanlan ng mag-aaral para sa pagsusuri ng paaralang pang-sekondarya.

(v) Magkaroon, sa huli, mula sa paaralang pang-sekondarya ang Kopya ng Magulang na nagtataglay ng pantatak ng paaralan, pangalan ng paaralan at code ng paaralan para sa pagpapanatili at rekord.

Dapat tandaan ng mga magulang na ang mga aplikasyon, sa oras na isinumite, ay hindi mababawi o makakansela at walang pagbabago ang magagawa sa pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan.

15. Kung ang mga mag-aaral ay **nag-aaplay sa isa lamang na paaralang pang-sekondarya**, ang Form ng Aplikasyon na may Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 ay dapat gamitin. Kung ang isang mag-aaral ay nagsumite pareho ng kanyang mga Form ng Aplikasyon sa parehong paaralan, ang EDB ay iproproseso lamang ang aplikasyon sa Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1, at ang aplikasyon saPagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2 ay gagawing walang bisa. Ang anumang hindi nagamit na Form ng Aplikasyon ay hindi mailipat. Ang mga magulang ay maaaring magpanatili o sirain ng kanilang sarili ang mga Form ng Aplikasyon pagkatapos ng panahon ng aplikasyon.

16. Sa ilalim ng sumusunod na mga pangyayari, ang mga Form ng Aplikasyon ay hindi iproproseso ng paaralang pang-sekondarya:

- Mga Form ng Aplikasyon na ipinadala sa pamamagitan ng koreo o isinumite pagkatapos ng takdang araw
- Mga Form ng Aplikasyon na may mga pagbabago sa Siklo ng Alokasyon, ang Reperensiyang Numero ng Mag-aaral at ang Numero ng Aplikasyon
- Mga Form ng Aplikasyon na may mga pagbabago sa Pangalan ng Mag-aaral, Kasarian at Petsa ng Kapanganakan ngunit hindi tinataglay ang pantatak ng primaryang paaralan
- Kopya, nasira o hindi kumpletong mga Form ng Aplikasyon

Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralan

17. Ang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay maaaring maghanda ng kanilang sariling pamantayan sa admisyon ayon sa kanilang pang-edukasyon na pilosopiya at tradisyon. Dapat nilang gawing pampubliko ang kanilang pamantayan at mga pagtimbang sa admisyon at maging ang bilang ng DP para sa aplikasyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga ito sa isang prominenteng lugar sa paaralan o pagbibigay sa kanila sa bawat aplikanteng mag-aaral nang nakasulat bago ang panahon ng admisyon ng DP. Bago mag-aplay sa isang paaralan, ang mga magulang ay dapat isaalang-alang ang lahat ng aspeto ng isang paaralan, hal, pang-edukasyon na pilosopiya nito, tradisyon, relihiyon, pamantayan sa admisyon at pagtimbang, istraktura ng klase, pagpapaunlad at pagpapatakbo, at mga katangian, personalidad, abilidad at interes ng kanilang mga anak upang makagawa ng isang angkop na pagpipilian sa paaralan. Ang mga paaralan ay maaaring mag-ayos ng mga panayam, ngunit walang nakasulat na mga pagsusulit sa anumang anyo ang dapat isagawa.

18. Ang lahat ng mga nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) ay kinakailangang, pagkatapos ng pagpoproseso ng DP na aplikasyon, ay ipagbigay-alam sa mga magulang ang lahat ng matagumpay na mga aplikante na kasama ang kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya sa pamamagitan ng sulat at telepono sa pagsapit ng **31 Marso 2025**[6]. Ang mga paaralan ay kinakailangan na panatilihin ang mga magulang na may sapat na kaalaman tungkol sa mga pagsasaayos ng pag-aabiso, at mangolekta sa simula pa lang ng kinakailangang impormasyon sa pakikipag-ugnay mula sa mga magulang. Ang mga pagsasaayos ng pag-aabiso na ito ay hindi naaangkop sa nakareserba at hindi matagumpay na mga aplikante, **ni ang mga pag-aabiso sa mga resulta ng alokasyon**. Ang kaugnay na mga magulang ay hindi kailangang tumugon sa mga paaralang pang-sekondarya sa kung tatanggapin nila ang mga alok.

19. Kung ang mga magulang na tumatanggap ng mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay matagumpay ding nakapag-aplay para sa isang lugar ng paaralan sa isang NDSS secondary school para sa kanilang mga anak ay matagumpay sa kanilang aplikasyon, dapat silang magpasya kung pananatilihin ang lugar ng paaralan na inaalok ng NDSS secondary school **sa o bago ang 8 Abril 2025**. Kung ang mga magulang ay magpasya na panatilihin ang lugar ng paaralan na inaalok ng NDSS secondary school, dapat nilang ipagwalang-bahala ang mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya. Kung magpasya silang tanggihan ang alok mula sa NDSS secondary school, dapat nilang abisuhan ang kaugnay na NDSS secondary school at bawiin ang nilagdaang Pangako ng Magulang at ang orihinal ng Primary 6 Student Record Form **sa o bago ang 8 Abril 2025** upang mapanatili ang DP na matagumpay nilang nakuha. Ang pagkuha ng makabuluhang dokumento ay magsisilbi bilang kumpirmasyon na ang may kinalamang mga magulang ay isinuko ang S1 na lugar ng paaralan na dati nang inalok ng NDSS secondary school.

20. Batay sa mga Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya na isinumite ng nakikilahok na mga paaralang sekondarya, ang EDB ay magbibigay sa bawat nakikilahok na mga paaralang primarya ng kani-kanilang listahan ng mga mag-aaral na inabisuhan bilang matagumpay na DP na mga aplikante (na hindi magpapakita ng mga pangalan ng mga kaugnay mga paaralang pang-sekondarya at kung ang mga mag-aaral ay napili bilang matagumpay na mga aplikante ng isa o dalawang mga paaralang pang-sekondarya) sa unang bahagi ng Abril 2025.

21. Ang mga pagkakaayos sa mga talata 18 hanggang 20 ay administratibong mga hakbang at ang umiiral na mekanismo ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang bawat aplikasyon ay may kasamang isang natatanging numero para sa pagtukoy sa pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan ng isang mag-aaral. Itutugma ng EDB ang mga kagustuhan ng mga mag-aaral laban sa Matagumpay/Reserba na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya. Kung ang isang mag-aaral ay matagumpay sa mga aplikasyon sa parehong mga paaralan kung saan siya nag-aaplay, at hindi hindi pa natatanggap ang isang lugar ng paaralan mula sa anumang NDSS secondary school, siya ay paglalaanan ng isang S1 na lugar ng kanyang unang piniling paaralan batay sa kanyang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan.

[6] Para sa mga magulang na nakarehistro bilang SSPA e-Platform na mga tagagamit, maaari din nilang tanawin ang mga abiso para sa matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng SSPA e-Platform simula sa 10 a.m. sa parehong araw.

22. Ang mga mag-aaral na matagumpay sa DP na aplikasyon ay hindi paglalaanan ng isang lugar ng paaralan muli sa CA. Yaong mga hindi naging matagumpay sa pagkuha ng isang DP ay paglalaanan ng isang lugar sa CA. Kung ang mga magulang ay nag-aplay sa isang paaralang pang-sekondarya na sa kalaunan ay hindi mag-aalok ng S1 na mga lugar sa ilalim ng Sistema ng SSPA sa siklo ng alokasyon na ito, ang aplikasyon na iyon ay hindi mapoproseso.

23. Ang mga magulang na hindi nag-aplay para sa isang DP para sa kanilang mga anak, o hindi nakatanggap ng abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ng pagiging kasama ng kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya ay dapat isumite ang nararapat na nakumpletong Form ng Sekondaryang Isa na Pagpili ng mga Paaralan (Choice Form) sa EDB sa unang bahagi ng Mayo 2025 sa pamamagitan ng kanilang primaryang paaralan. Ito ay upang masiguro na ang mga mag-aaral ay mapapaglaanan pa din ng S1 na mga lugar sa pamamagitan ng CA kung ang kanilang DP na mga aplikasyon ay hindi naging matagumpay. **Ang mga magulang na inabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ng pagsama ng kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya ay hindi kailangang gumawa ng mga pagpipili sa paaralan. Kailangan lamang nilang markahan ang kaukulang kahon at markahan ng ekis ang mga bahagi sa mga pagpipili sa paaralan, lagdaan ang Choice Form pagkatapos ng punan ang impormasyon ng pakikipag-ugnay at ibalik ang Choice Form sa mga paaralang pinapasukan ng kanilang mga anak. Ang mga resulta ng DP at CA ay ilalabas nang magkasabay sa 8 Hulyo 2025[7].** Ang mga magulang ay hindi kailangang gumawa ng mga pagtatanong sa mga paaralan na kanilang inaaplayan bago ang anunsyo ng mga resulta[8].

Aplikasyon para sa Pagpapalit ng Form ng Aplikasyon

24. Ang kapalit ng nasira o nawalang mga Form ng Aplikasyon ay maaaring makuha nang personal sa Seksyon ng Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralan (SPA). Ang orihinal ng mga dokumento ng pagkakakilanlan na nagpapakita ng Reperensiyang Numero ng Mag-aaral ng aplikante ay dapat gawin sa oras ng pagpapalit para sa pagsusuri. Ang bayad na HK$125 ay sisingilin sa bawat pagpapalit. Kung ang Form ng Aplikasyon na dati ay ipinahayag na nawala ay natagpuan pagkatapos na mailabas ang isang kapalit na kopya, ang mga magulang ay dapat gamitin ang kapalit na kopya at sirain iyong isa na natagpuan. Ang mga magulang ay hindi dapat gamitin ang mga Form ng Aplikasyon na nagtataglay ng parehong Pagkakasunod-sunod ng Kagustuhan ng Paaralan para sa aplikasyon sa higit sa isang paaralang pang-sekondarya. Kung hindi, ang DP na mga aplikasyon ng kanilang mga anak ay gagawing walang bisa.

Mga Katanungan

25. Para sa karagdagang mga katanungan, ang mga magulang ay maaaring kumunsulta sa primaryang mga paaralan ng kanilang mga anak o makipag-ugnayan sa Seksyon ng SPA (SSPA) ng EDB sa 2832 7740 o 2832 7700.

Seksyon ng Alokasyon sa mga Lugar ng Paaralan
Kawanihan ng Edukasyon
Disyembre 2024

[7] Ang petsa para sa primaryang mga paaralan upang kolektahin ang mga resulta ng alokasyon ay sa 7 Hulyo 2025. Kung ang EDB ay nagpapahayag ng pagsasara ng mga paaralan sa umaga sa araw na iyon dahil sa pag-iisyu ng Babala sa Tropikal na Bagyo Senyales Bagong-Blg. 8/Blg. 8 o mas mataas, ang koleksyon ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban sa 8 Hulyo 2025. Ang pag-anunsyo ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban mula 8 Hulyo 2025 patungo sa 9 Hulyo 2025 alinsunod dito. Kung sa umaga sa araw ng pag-anunsyo ng mga resulta ng alokasyon (ibig sabihin, 8 Hulyo 2025), ang EDB ay nagpapahayag ng pagsasara ng mga paaralan dahil sa pag-iisyu ng Babala sa Tropikal na Bagyo Senyales Bagong-Blg. 8/Blg. 8 o mas mataas o Pula o Itim na Senyales sa Babala sa Bagyong Maulan, o nag-anunsyo ang Pamahalaan ng "matinding sitwasyon", ang pag-anunsyo ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban sa susunod na araw sa paaralan.

[8] Para sa mga magulang na nakarehistro bilang mga tagagamit ng SSPA e-Platform, maaari rin nilang matingnan ang mga resulta ng alokasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform simula sa 10 a.m. sa parehong araw.